DAKILANG KAPISTAHAN NG PASKO NG PAGSILANG NG PANGINOON

(Pagmimisa sa Bisperas, Pagmimisa sa Hatinggabi, Pagmimisa sa Bukang-Liwayway at Pagmimisa sa Araw)

&

DAKILANG KAPISTAHAN NI MARIA, INA NG DIYOS

(Ikawalong Araw ng Pagdiriwang ng Pasko ng Pagsilang)

MGA NILALAMAN

Ang Misa ng Sambayanan
3

MGA PANALANGIN AT PAGBASA

Dakilang Kapistahan ng Pasko ng Pagsilang ng Panginoon
(Pagmimisa sa Bisperas)
32

Dakilang Kapistahan ng Pasko ng Pagsilang ng Panginoon
(Pagmimisa sa Hatinggabi)
41

Dakilang Kapistahan ng Pasko ng Pagsilang ng Panginoon
(Pagmimisa sa Bukang-Liwayway)
50

Dakilang Kapistahan ng Pasko ng Pagsilang ng Panginoon
(Pagmimisa sa Araw)
58

Dakilang Kapistahan ni Maria, Ina ng Diyos
(Ikawalong Araw ng Pagdiriwang ng Pasko ng Pagsilang)
67

ANG MISA NG SAMBAYANAN

PASIMULA

Kapag natitipon na ang sambayanan, ang pari at mga tagapaglingkod ay lalakad patungo sa altar, samantalang ang awiting pambungad ay ginaganap.

Pagsapit sa dambana, ang pari at mga tagapaglingkod ay magbibigay-galang alinsunod sa hinihinging paraan. Magbibigay-galang ang pari sa dambana sa pamamagitan ng paghalik sa ibabaw ng altar. Kung minamabuti niya, maiinsensuhan niya ito. Pagkatapos, ang pari ay paroroon sa kanyang upuan.

Matapos ang awiting pambungad, habang nakatayo ang lahat, ang pari at ang mga tao ay magkukrus. Ipahahayag ng pari nakaharap sa mga tao:

> **Sa ngalan ng Ama**
> **at ng Anak at ng Espiritu Santo.**

Sasagot ang mga tao:

> Amen.

Ilalahad ng pari ang kanyang mga kamay bilang pagbati sa mga tao, habang ipinahahayag:

> **Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo,**
> **ang pag-ibig ng Diyos Ama,**
> **at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo**
> **nawa'y sumainyong lahat.**

Sasagot ang mga tao:

> At sumaiyo rin.

Ang pari o ang diyakono o sinumang angkop na tagapaglingkod ay makapagbibigay ng maikling paliwag tungkol sa buod ng Misang ipagdiriwang.

Susunod na gaganapin ang pagsisisi sa kasalanan. Aanyayahan ng pari ang mga tao:

Mga kapatid,
aminin natin ang ating mga kasalanan
upang tayo'y maging marapat gumanap
sa banal na pagdiriwang.

Magkakaroon ng saglit na katahimikan. Pagkatapos nito, lahat ay sabay-sabay na aamin sa nagawang kasalanan:

Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos
at sa inyo, mga kapatid,
na lubha akong nagkasala

Ang lahat ay dadagok sa dibdib.

sa isip, sa salita, sa gawa
at sa aking pagkukulang.
Kaya isinasamo ko
sa Mahal na Birheng Maria,
sa lahat ng mga anghel at mga banal
at sa inyo, mga kapatid,
na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

Ipahahayag ng pari ang pagpapatawad:

Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos,
patawarin tayo sa ating mga kasalanan,
at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

Sasagot ang mga tao:

Amen.

PANGINOON, KAAWAAN MO KAMI

Isusunod ang mga pagluhog na ”Panginoon, kaawaan mo kami,” maliban kapag naganap na ito kaugnay ng ibang paraan ng pagsisisi sa kasalanan:

P. Panginoon, kaawaan mo kami.
B. Panginoon, kaawaan mo kami.

P. Kristo, kaawaan mo kami.
B. Kristo, kaawaan mo kami.

P. Panginoon, kaawaan mo kami.
B. Panginoon, kaawaan mo kami.

PAPURI SA DIYOS

Kapag nakatakdang ganapin, aawitin o darasalin ang awit:

Papuri sa Diyos sa kaitaasan
at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.
Pinupuri ka namin,
dinarangal ka namin,
sinasamba ka namin,
ipinagbubunyi ka namin,
pinasasalamatan ka namin,
dahil sa dakila mong angking kapurihan.
Panginoong Diyos, Hari ng langit,
Diyos, Amang makapangyarihan sa lahat.
Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,
Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
maawa ka sa amin.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
tanggapin mo ang aming kahilingan.
Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,
maawa ka sa amin.

Sapagka't ikaw lamang ang banal,
ikaw lamang ang Panginoon,
ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,
kasama ng Espiritu Santo
sa kadakilaan ng Diyos Ama.
Amen.

PANALANGING PAMBUNGAD

Pagkaraan, magkadaop ang mga kamay na ipahahayag ng pari:

Manalangin tayo.

Ang lahat kaisa ng pari ay tahimik na mananalangin nang saglit. Pagkalipas ng ilang sandali, ilalahad ng pari ang kanyang kamay at ipahahayag ang panalanging pambungad. Sa katapusan nito'y sasagot ang mga tao ng pagbubunyi:

Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

UNANG PAGBASA

Paroroon sa pook ng pagbasa ang maglalahad ng Salita ng Diyos. Habang ipinahahayag niya ang unang pagbasa, ang lahat ay nakaupong makikinig. Upang ipahiwatig ang katapusan ng pagbasa, ihahayag ng tagapaglahad:

Ang Salita ng Diyos.

Sasagot ang lahat:

Salamat sa Diyos.

SALMONG TUGUNAN

Ang tagapaglahad ng salmo o taga-awit ay magpapahayag ng akda mula sa Aklat ng mga Awit at ang mga tao ay tutugon ng kaukulang taludtod.

IKALAWANG PAGBASA

Pagkatapos, kung mayroong ikalawang pagbasa, ipahahayag din ito sa pook ng pagbasa katulad ng nauna. Upang ipahiwatig ang katapusan ng pagbasa, ihahayag ng tagapaglahad:

Ang Salita ng Diyos.

Sasagot ang lahat:

Salamat sa Diyos.

ALELUYA

Isusunod ang Aleluya o ang ibang awit.

Samantalang ginaganap ang pag-awit, maglalagay ng insenso sa insensaryo ang pari kung minamabuting gamitin ito. Pagkaraan, ang diyakonong magpapahayag ng Mabuting Balita ay yuyuko sa harap ng pari at hihilingin niya ang pagpapala sa mahinang tinig:

Padre, ako po ay inyong gawaran ng pagpapala.

Ang pari ay mangungusap nang mahina:

Sa iyong puso at sa iyong mga labi
manahan nawa ang Panginoon
upang marapat mong maipahayag
ang kanyang Mabuting Balita,
sa ngalan ng Ama at ng Anak ✠ at ng Espiritu Santo.

Ang diyakono ay sasagot:

Amen.

Kapag walang diyakono, ang paring nakayuko sa gawing dambana ay magdarasal nang pabulong:

Makapangyarihang Diyos,
gawin mong dalisay ang aking puso at mga labi
upang marapat kong maipahayag ang Mabuting Balita.

MABUTING BALITA

Pagkaraan, ang diyakono o ang pari ay paroroon sa pook ng pagbasa. Magagawa ito ng paprusisyon na nilalahukan ng mga tagapaglingkod na may dalang insensaryo at mga kandila. Sa pook ng pagbasa, ihahayag ng tagapaglahad:

Sumainyo ang Panginoon.

Sasagot ang mga tao:

At sumaiyo rin.

Ihahayag ng diyakono o pari:

✠ **Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay N.**

Samantala'y kukrusan niya ang aklat, ang kanyang noo, ang kanyang bibig, at ang kanyang dibdib.

Magbubunyi ang mga tao:

Papuri sa iyo, Panginoon.

Pagkaraan, iinsensuhan ng diyakono o ng pari ang aklat kung ginagamit ang insenso at ipahahayag niya ang Mabuting Balita.

Sa katapusan, ihahayag niya:

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

Magbubunyi ang lahat:

Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Hahalikan ang aklat habang dinarasal ng pabulong:

Magbunga nawa itong pagpapahayag ng Mabuting Balita ng pagkapawi ng mga kasalanan.

HOMILIYA

Pagkaraan, gaganapin ang homiliya na dapat ilahad sa lahat ng araw ng Linggo at sa mga pistang pangilin. Ito ay kapuri-puring gawin sa iba pang araw.

PAGPAPAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

Kasunod ng homiliya ang pagpapahayag ng pananampalataya kapag ito ay nakatakda.

Sumasampalataya ako
sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,
na may gawa ng langit at lupa.
Sumasampalataya ako kay Hesukristo,
iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.

Luluhod sa mga salitang "Nagkatawang tao siya." (Pagmimisa sa Bisperas, Pagmimisa sa Hatinggabi, Pagmimisa sa Bukang-Liwayway at Pagmimisa sa Araw ng Pasko ng Pagsilang ng Panginoon)

Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo,
ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.
Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,
ipinako sa krus, namatay, inilibing.
Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.
Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli.
Umakyat sa langit.
Naluluklok sa kanan ng Diyos
Amang makapangyarihan sa lahat.
Doon magmumulang paririto
at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.
Sumasampalataya naman ako
sa Diyos Espiritu Santo,
sa banal na Simbahang Katolika,
sa kasamahan ng mga banal,
sa kapatawaran ng mga kasalanan,
sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao
at sa buhay na walang hanggan.
Amen.

PANALANGIN NG BAYAN

Pagkatapos ay gaganapin ang panalangin ng bayan o panalanging pangkalahatan.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

Pagkatapos, sisimulan ang awit ng pag-aalay. Samantalang ito'y ginaganap, ilalagay ng mga tagapaglingkod ang telang patungan ng Katawan ni Kristo, ang pamahiran, ang kalis, at ang Aklat ng Pagmimisa sa ibabaw ng dambana.

Nababagay na ang pakikiisa ng mga nagsisimba ay ipahayag sa pamamagitan ng prusisyon ng pag-aalay ng tinapay at alak at ng iba pang handog para sa Simbahan at para sa mga dukha.

Ngayon nama'y tatayo ang pari sa gawing gitna ng dambana, hahawakan niya ang pinggan ng tinapay nang bahagyang nakaangat sa dambana, habang dinarasal niya nang pabulong:

Kapuri-puri ka, Diyos Amang Lumikha sa sanlibutan.
Sa iyong kagandahang-loob, narito ang aming maiaalay.
Mula sa lupa at bunga ng aming paggawa
ang tinapay na ito para maging pagkaing nagbibigay-buhay.

Ilalapag niya ang pinggan ng tinapay sa telang patungan ng Katawan ni Kristo.

Kapag hindi ginaganap ang awit ng pag-aalay, ang mga pangungusap na ito ay madarasal nang malakas ng pari at sa katapusan makapagbubunyi ang mga tao:

Kapuri-puri ang Poong Maykapal ngayon at kailanman!

Ang pari ay magbubuhos ng alak at kaunting tubig sa kalis habang dinarasal nang pabulong:

Sa paghahalong ito ng alak at tubig
kami nawa'y makasalo sa pagka-Diyos ni Kristo
na nagpagindapat makihati sa aming pagkatao.

Pagbalik sa gawing gitna ng dambana, hahawakan ng pari ang kalis nang bahagyang nakaangat sa dambana habang dinarasal niya nang pabulong:

**Kapuri-puri ka, Diyos Amang Lumikha sa sanlibutan.
Sa iyong kagandahang-loob, narito ang aming maiaalay.
Mula sa katas ng ubas at bunga ng aming paggawa ang alak na ito
para maging inuming nagbibigay ng iyong Espiritu.**

Illapag niya ang kalis sa telang patungan ng Katawan ni Kristo.

Kapuri-puri ang Poong Maykapal ngayon at kailanman!

Pagkatapos, yuyuko ang pari habang dinarasal niya nang pabulong:

**Diyos Amang Lumikha, nakikiusap kaming mga makasalanan.
Tanggapin mo ang aming pagsisisi bilang handog
upang kami'y matutong sumunod sa iyo nang buong puso.**

Kung minamabuting gawin, iinsensuhan ng pari ang mga alay at ang dambana pagkaraa'y iinsensuhan ng diyakono o ng tagapaglingkod ang pari at ang mga nagsisimba.

Pagkatapos, ang pari ay pupunta sa gilid ng dambana, maghuhugas siya ng mga kamay samantalang pabulong niyang dinarasal:

**O Diyos kong minamahal,
kasalanan ko'y hugasan
at linisin mong lubusan
ang nagawa kong pagsuway.**

Pagbalik ng pari sa gawing gitna ng dambana, ilalahad niya ang kanyang mga kamay sa mga tao at muli niyang pagdaraupin habang kanyang ipinahahayag:

Manalangin kayo, mga kapatid,
upang ang paghahain natin
ay kalugdan ng Diyos Amang makapangyarihan.

Sasagot ang mga tao:

Tanggapin nawa ng Panginoon
itong paghahain sa iyong mga kamay
sa kapurihan niya at karangalan
sa ating kapakinabangan
at sa buong Sambayanan niyang banal.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

Pagkaraa'y, ilalahad ng pari ang kanyang mga kamay at darasalin niya ang panalangin ukol sa mga alay. Sa katapusan nito'y sasagot ang mga tao ng pagbubunyi:

Amen.

UNANG PAGBUBUNYI O PREPASYO SA PASKO NG PAGSILANG

Si Kristo at ang Ilaw

P. **Sumainyo ang Panginoon.**
B. At sumainyo rin.

P. **Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.**
B. Itinaas na namin sa Panginoon.

P. **Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.**
B. Marapat na siya ay pasalamatan.

Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan
sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang Anak mong di na naiiba sa amin
ay siyang pumawi sa dilim
kaya ngayo'y ikaw ang aming nababanaagan.
Ang Anak mong di naiiba sa iyo ay siyang iisang Salita mo.
Sa katauhan niya ang iyong sarili'y aming nakikita.
Sa pamamagitan niya ang iyong pag-ibig ay kahali-halina
kahit ikaw ay lingid sa aming mata.

Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
Nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

SANTO

Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo!
Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo!
Osana sa kaitaasan!
Pinagpala ang mga naparirito sa ngalan ng Panginoon!
Osana sa kaitaasan!

IKALAWANG PAGBUBUNYI O PREPASYO SA PASKO NG PAGSILANG

Ang pagkakatawang-tao ni Kristo ay nagbibigay ng pagkakaisa sa atin

P. **Sumainyo ang Panginoon.**
B. At sumainyo rin.

P. **Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.**
B. Itinaas na namin sa Panginoon.

P. **Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.**
B. Marapat na siya ay pasalamatan.

**Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan
sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.**

**Dating lingid sa ami'y naging hayag na kapiling.
Dating kapiling mong ngayo'y naging kapwa namin.
Sa amin ay nakikisama siyang mabuti
upang sa piling mo ay maitampok niya kami.
Ang sangkatauhang nawalay sa iyo noon
ay kanyang ipinipisang muli sa iyo ngayon
upang ang napinsala noong sanlibutan
ay magkaroon ngayon ng bagong kaayusan.**

**Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
Nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:**

SANTO

Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo!
Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo!
Osana sa kaitaasan!
Pinagpala ang mga napariritо sa ngalan ng Panginoon!
Osana sa kaitaasan!

IKATLONG PAGBUBUNYI O PREPASYO SA PASKO NG PAGSILANG

Ang pagpapalitang-handog ng Diyos at tao sa pagkakatawang-tao ng Salita

P. **Sumainyo ang Panginoon.**
B. At sumainyo rin.

P. **Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.**
B. Itinaas na namin sa Panginoon.

P. **Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.**
B. Marapat na siya ay pasalamatan.

Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan
sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sumilay sa amin ang pagkakataong
makipagpalitang-handog sa iyo ngayon.
Inako ng iyong maaasahang Anak
ang pagkatao naming alangan at hamak.
Kahit kamatayan namin ay kanyang natikman
upang kami'y makasalo sa buhay na walang hanggan.

Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang hum pay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

SANTO

Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo!
Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo!
Osana sa kaitaasan!
Pinagpala ang mga napariritо sa ngalan ng Panginoon!
Osana sa kaitaasan!

UNANG PAGBUBUNYI O PREPASYO TUNGKOL SA MAHAL NA BIRHENG MARIA

Si Maria ang Ina ng Diyos

P. **Sumainyo ang Panginoon.**
B. At sumainyo rin.

P. **Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.**
B. Itinaas na namin sa Panginoon.

P. **Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.**
B. Marapat na siya ay pasalamatan.

Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan
ngayong Dakilang Kapistahan ni Maria, Ina ng Diyos

Bukod mong pinagpala sa babaing lahat
ang Mahal na Birheng totoong mapalad
na iyong piniling maging Ina ng iyong Anak
noong isugo mo siya bilang aming Mesiyas.
Sa kapangyarihan ng Espiritung Banal
ang Birheng Maria ay naging Inang tunay
ng iyong Anak na kanyang isinilang
bilang liwanag nitong sanlibutan.

Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

SANTO

Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo!
Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo!
Osana sa kaitaasan!
Pinagpala ang mga napariritо sa ngalan ng Panginoon!
Osana sa kaitaasan!

IKALAWANG PANALANGIN NG PAGPUPURI AT PAGPAPASALAMAT

Nakalahad ang mga kamay ng pari sa pagdarasal.

Ama naming banal,
ikaw ang bukal ng tanang kabanalan.

Pagdaraupin ng pari ang kanyang mga kamay at lulukuban ng mga kamay niya ang mga alay habang siya'y nagdarasal.

Kaya't sa pamamagitan ng iyong Espiritu
gawin mong banal ang mga kaloob na ito

Pagdaraupin ng pari ang kanyang mga kamay at kukrusan niya ang tinapay at kalis, samantalang kanyang dinarasal:

upang para sa ami'y maging Katawan at Dugo ✠
ng aming Panginoong Hesukristo.

Pagdaraupin niya ang kanyang mga kamay.

Ang mga salita ng Panginoon sa mga sumusunod na pangungusap ay ipahahayag nang malinaw at nauunawaan ng tanan ayon sa hinihingi ng kahulugan ng mga ito.

Bago niya pinagtiisang kusang loob
na maging handog,

Hahawakan ng pari ang tinapay nang bahagyang nakataas sa ibabaw ng dambana habang kanyang patuloy na inihahayag:

hinawakan niya ang tinapay,
pinasalamatan ka niya,
pinaghati-hati niya iyon,
iniabot sa kanyang mga alagad
at sinabi:

Bahagyang yuyuko ang pari.

**TANGGAPIN NINYONG LAHAT ITO AT KANIN:
ITO ANG AKING KATAWAN
NA IHAHANDOG PARA SA INYO.**

Ipamamalas niya ang ostiyang itinalagang maging Katawan at Dugo ni Kristo, ipapatong niya ito sa pinggan, at luluhod siya bilang pagsamba.

Magpapatuloy ang pari.

Gayun din naman, noong matapos ang hapunan,

Hahawakan ng pari ang kalis nang bahagyang nakataas sa ibabaw ng dambana habang kanyang patuloy na inihahayag:

**hinawakan niya ang kalis,
muli ka niyang pinasalamatan,
iniabot niya ang kalis sa kanyang mga alagad
at sinabi:**

Bahagyang yuyuko ang pari.

**TANGGAPIN NINYONG LAHAT ITO AT INUMIN:
ITO ANG KALIS NG AKING DUGO
NG BAGO AT WALANG HANGGANG TIPAN,
ANG AKING DUGO NA IBUBUHOS
PARA SA INYO AT PARA SA LAHAT
SA IKAPAGPAPATAWAD NG MGA KASALANAN.**

GAWIN NINYO ITO SA PAG-ALALA SA AKIN.

Ipamamalas niya ang kalis, ipapatong niya ito sa telang patungan ng Katawan ni Kristo, at luluhod siya bilang pagsamba.

Pagkatapos, ipahahayag ng pari:

Ipagbunyi natin ang misteryo ng pananampalataya.

Ang mga tao ay magbubunyi:

Aming ipinahahayag
na namatay ang 'yong Anak,
nabuhay bilang Mesiyas
at magbabalik sa wakas
para mahayag sa lahat.

Ilalahad ng pari ang kanyang mga kamay samantalang siya ay nagdarasal:

**Ama,
ginagawa namin ngayon ang pag-alala
sa pagkamatay at muling pagkabuhay ng iyong Anak
kaya't iniaalay namin sa iyo
ang tinapay na nagbibigay-buhay
at ang kalis na nagkakaloob ng kaligtasan.
Kami'y nagpapasalamat
dahil kami'y iyong minarapat
na tumayo sa harap mo
para maglingkod sa iyo.**

**Isinasamo naming kaming magsasalu-salo
sa Katawan at Dugo ni Kristo
ay mabuklod sa pagkakaisa
sa pamamagitan ng Espiritu Santo.**

Isa sa mga nakikipagmisa:

**Ama,
lingapin mo ang iyong Simbahang
laganap sa buong daigdig.
Puspusin mo kami sa pag-ibig
kaisa ni Francisco, na aming Papa
at ni Jose, na aming Obispo,
at ng tanang kaparian.**

Isa sa mga nakikipagmisa:

**Alalahanin mo rin ang mga kapatid naming nahimlay
nang may pag-asang sila'y muling mabubuhay
gayun din ang lahat ng mga pumanaw.
Kaawaan mo sila at patuluyin sa iyong kaliwanagan.
Kaawaan mo at pagindapatin kaming lahat
na makasalo sa iyong buhay na walang wakas.
Kaisa ng Mahal na Birheng Maria na Ina ng Diyos,
ng kanyang Kabiyak ng puso, si San Jose,
kaisa ng mga apostol at ng lahat ng mga banal
na namuhay dito sa daigdig nang kalugud-lugod sa iyo,
maipagdiwang nawa namin ang pagpupuri sa ikararangal mo.**

Pagdaraupin ng pari ang kanyang mga kamay.

**sa pamamagitan ng iyong Anak
na aming Panginoong Hesukristo.**

Hahawakan ng pari ang pinggang may ostiya at ang kalis na kapwa niya itataas habang kanyang ipinahahayag.

**SA PAMAMAGITAN NI KRISTO, KASAMA NIYA, AT SA KANYA
ANG LAHAT NG PARANGAL AT PAPURI AY SA IYO,
DIYOS AMANG MAKAPANGYARIHAN,
KASAMA NG ESPIRITU SANTO
MAGPASAWALANG HANGGAN.**

Ang mga tao ay magbubunyi:

Amen.

ANG PAKIKINABANG

Pagkalapag ng kalis at pinggan sa dambana, ipahahayag ng pari nang may magkadaop na mga kamay:

Sa tagubilin ng mga nakagagaling na utos
at turo ni Hesus na Panginoon natin at Diyos
ipahayag natin nang lakas-loob:

Illalahad ng pari ang kanyang mga kamay at ipahahayag niya kaisa ng lahat

Ama namin, sumasalangit ka.
Sambahin ang ngalan mo.
Mapasaamin ang kaharian mo.
Sundin ang loob mo
dito sa lupa para nang sa langit.

Bigyan mo kami ngayon
ng aming kakanin sa araw-araw.
At patawarin mo kami sa aming mga sala
para nang pagpapatawad namin
sa nagkakasala sa amin.
At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso.
At iadya mo kami sa lahat ng masama.

Nakalahad ang mga kamay ng pari sa pagdarasal:

Hinihiling naming
kami'y iadya sa lahat ng masama,
pagkalooban ng kapayapaan araw-araw,
iIigtas sa kasalanan
at ilayo sa lahat ng kapahamakan
samantalang aming pinananabikan
ang dakilang araw ng pagpapahayag
ng Tagapagligtas naming si Hesukristo.

Pagdaraupin niya ang kanyang mga kamay. Wawakasan ng sambayanan ang panalangin sa ganitong pagbubunyi:

Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan
at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagkatapos, malakas na darasalin ng pari nakalahad ang mga kamay:

Panginoong Hesukristo,
sinabi mo sa iyong mga Apostol:
"Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo.
Ang aking kapayapaan ang ibinibigay ko sa inyo."
Tunghayan mo ang aming pananampalataya
at huwag ang aming mga pagkakasala.
Pagkalooban mo kami ng kapayapaan
at pagkakaisa ayon sa iyong kalooban.

Pagdaraupin niya ang kanyang mga kamay.

kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

Sasagot ang mga tao:

Amen.

Ang pari ay paharap sa sambayanang maglalahad at magdaraop ng mga kamay sa pagpapahayag.

Ang kapayapaan ng Panginoon ay laging sumainyo.

Sasagot ant mga tao:

At sumaiyo rin.

Maidaragdag, kung minabuti, ang paanyayang ipahahayag ng diyakono o pari:

Magbigayan kayo ng kapayapaan sa isa't isa.

At, alinsunod sa kaugalian ng iba't-ibang pook, ang mga nagsisimba ay mabigbigyan ng kapayapaan. Ang pari at ang mga tagapaglingkod ay makapagbibigayan ng kapayapaan.

Pagkatapos, hahawakan ng pari ang ostiya at hahati-hatiin niya ito sa ibabaw ng pinggan at isasawak niya ang kaputol sa kalis habang pabulong niyang dinarasal:

Sa pagsasawak na ito
ng Katawan sa Dugo ng aming Panginoong Hesukristo
tanggapin nawa namin sa pakikinabang
ang buhay na walang hanggan.

Samantalang ginaganap ang paghahati-hati sa ostiya, aawitin o darasalin ang pagluhog na ito.

Kordero ng Diyos,
na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
maawa ka sa amin.
Kordero ng Diyos,
na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
maawa ka sa amin.
Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Ito ay mauulit-ulit habang ginaganap ang paghahati-hati sa tinapay. Sa huling, pag-uulit saka pa lamang idurugtong ang "ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan."

Magkadaop ang mga kamay ng pari sa pabulong na pagdarasal.

Panginoong Hesukristo, Anak ng Diyos na buhay,
sa kalooban ng Ama kasama ng Espiritu Santo,
binuhay mo sa iyong pagkamatay ang sanlibutan.
Pakundangan sa iyong banal na Katawan at Dugo,
iadya mo ako sa tanang aking kasalananat lahat ng masama,
gawin mong ako'y makasunod lagi sa iyong mga utos,
at huwag mong ipahintulot na ako'y mawalay sa iyo kailanman.

o kaya:

Ang pakikinabang sa Katawan at Dugo mo,
Panginoong Hesukristo,
ay huwag nawang magdulot ng paghuhukom
at parusa sa kasalanan ko.
Alang-alang sa iyong dakilang pag-ibig
nawa'y aking matanggap
ang pagkupkop mo sa akin at kaloob mong lunas.

Luluhod ang pari at pagtayo niya'y kanyang hahawakan ang ostiya na itataas sa ibabaw ng pinggan. Paharap sa mga tao siyang magsasabi ng malakas:

Ito ang Kordero ng Diyos.
Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan.
Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

Idurugtong niyang minsanan kaisa ng sambayanan:

Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo
ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Siya'y makikinabang nang magalang at nakayuko sa dambana habang pabulong na nagdarasal:

Ipagsanggalang nawa ako ng Katawan ni Kristo
para sa buhay na walang hanggan.

Mapitagan niyang tatanggapin ang Katawan ni Kristo.

Pagkatapos, hahawakan ng pari ang kalis at pabulong na magdarasal:

Ipagsanggalang nawa ako ng Dugo ni Kristo
para sa buhay na walang hanggan.

Mapitagan niyang tatanggapin ang Dugo ni Kristo.

Hahawakan niya ang pinggan o lalagyan ng ostiya at lalapitan niya ang mga nakikinabang, bahagyang itataas ang ostiya para sa bawat nakikinabang habang sinasabi:

Katawan ni Kristo.

Ang nakikinabang ay tutugon:

Amen.

Samantalang nakikinabang ang pari, sisimulan ang awit sa pakikinabang.

Pagkapakinabang, ang mga mumo ng ostiya na nasa pinggan ay titipunin sa kalis na huhugasan ng pari o diyakono o tagapaglingkod. Habang ito ay ginaganap ng pari, pabulong siyang magdarasal:

Ama naming mapagmahal,
ang aming tinanggap
ngayon ay amin nawang mapakinabangan
at ang iyong ipinagkaloob
ay magdulot nawa sa amin
ng kagalingang pangmagpakailanman.

Makababalik ngayon sa upuan ang pari. Makapag-uukol ng ilang saglit na katahimikan o makaaawit ng papuri o salmo.

PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

Pagkaraan, ang pari ay titindig sa harap ng upuan o sa gawi ng dambana paharap sa mga nagsisimbang magpapahayag:

Manalangin tayo.

Kung di pa nagaganap ang tahimik na pagdalangin, ito ay gagawin ngayon, at pagkaraan, ang panalangin pagkapakinabang ay ipahahayag ng pari nakalahad ang mga kamay. Sa katapusan, ang sambayanan ay tutugon.

Amen.

PAGBABASBAS NG IMAHEN NG SANGGOL NA SI HESUS (BAMBINO)

Sa Misa ng Pasko (Bisperas, Hatinggabi, Bukang-liwayway at Araw) maaring basbasan ang mga imahen ng sanggol na si Hesus.

Amang makapangyarihan,
gayon na lamang
ang pag-ibig mo sa sanlibutan
kaya isinugo mo ang iyong bugtong na Anak
na isinilang ng Birheng Maria,
upang iligtas kami at akayin pabalik sa iyo.
Sa pagbabasbas mo sa mga imaheng ito
ng Niño Hesus, na paparito sa amin,
maging tanda nawa ito
ng iyong pananatili at pagmamahal
sa loob ng aming mga tahanan.

Amang tunay na mabuti,
basbasan mo rin kami,
ang aming mga magulang
ang aming buong mag-anak
gayundin ang aming mga kaibigan.
Buksan mo ang aming mga puso
upang tanggapin namin si Hesus
nang may galak,
ganapin lagi ang kanyang niloloob,
at mabanaag namin siya
sa lahat ng mga uhaw sa pag-ibig.

Hinihiling namin ito
sa pamamagitan ng iyong minamahal na Anak,
si Hesus na naparito
para sa kapayapaan ng mundo.
Siya na nabubuhay at naghahari
kasama mo at ng Espiritu Santo,
isang Diyos, magpasawalang hanggan.
Amen.

Wiwisikan ng pari ang mga imahen pagkatapos manalangin.

Hihimukin ng pari ang mga tao na manalangin at magpugay sa imahen ng sanggol na si Hesus bilang pamilya sa kanilang tahanan.

PAGHAYO SA PAGWAWAKAS

Maisusunod kapag may ipagbibigay-alam, ang mga maiiksing patalastas na sasabihin sa mga tao.

Pagkatapos, gaganapin ang paghayo. Ang pari na nakalahad ng mga kamay sa mga tao ay magpapahayag:

Sumainyo ang Panginoon.

Sasagot ang mga tao:

At sumaiyo rin.

Ang diyakono o ang pari na rin kapag walang diyakono ang magpapahayag ng paanyaya:

Magsiyuko tayo habang iginagawad ang pagbabasbas.

Sa Pasko ng Pagsilang ng Panginoon

Pagkaraan, itataas ng pari ang kanyang mga kamay na lumulukob sa lahat, samantalang inaawit o ipinahahayag niya ang mga pagbabasbas.

Ang Diyos na humawi sa kadiliman
noong magkatawang-tao ang Anak niyang mahal
at nagdulot ng liwanag sa banal na gabi (araw na ito)
pakundangan sa kanyang pagsilang
ay siya nawang magtaboy sa dilim ng kasamaan
at magpaningning sa liwanag ng kabutihan sa inyong kalooban
ngayon at magpasawalang hanggan.

Sasagot ang mga tao:

Amen.

Ipahahayag ng pari:

Ang Diyos na nagsugo ng Anghel para ihatid ang Magandang Balita ay siya nawang pumuspos sa inyo ng tuwa para maihatid sa tanan ang kanyang Mabuting Balita ngayon at magpasawalang hanggan.

Sasagot ang mga tao:

Amen.

Ipahahayag ng pari:

Ang Diyos na nag-ugnay ng lupa sa kalangitan
ay siya nawang pumuspos sa inyo sa kapayapaan at kaluguran
bilang mga katambal ng nasa langit niyang Sambayanan
ngayon at magpasawalang hanggan.

Sasagot ang mga tao:

Amen.

Sa Bagong Taon

Pagkaraan, itataas ng pari ang kanyang mga kamay na lumulukob sa lahat, samantalang inaawit o ipinahahayag niya ang mga pagbabasbas.

Ang Diyos na siyang bukal ng bawa't kaloob na mabuti at ganap
ay siya nawang magkaloob sa inyo ng kanyang pagbabasbas
at siya nawang magdulot ng pagpapala niyang hindi masusukat
at magpanatili sa inyong ligtas sa kapahamakan
ngayon, sa buong bagong taon at magpasawalang hanggan.

Sasagot ang mga tao:

Amen.

Ipahahayag ng pari:

Pagkalooban nawa niya kayo ng walang maliw na pananalig ng pag-asang matatag at pag-ibig na matiyaga hanggang wakas ngayon at magpasawalang hanggan.

Sasagot ang mga tao:

Amen.

Babasbasan ng pari ang mga tao habang kanyang ipinahahayag.

Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak ✠ at Espiritu Santo.

Sasagot ang mga tao:

Amen.

Ang diyakono o ang pari na magkadaop ang mga kamay ay magpapahayag ng paghayo sa sambayanan:

Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahalin at paglingkuran.

Sasagot ang mga tao:

Salamat sa Diyos.

Karaniwan, ang dambana ay bibigyang-paggalang sa paghalik dito ng pari at matapos makapagbigay-pitagan kaisa ng mga tagapaglingkod, siya ay hahayo.

MGA PANALANGIN AT PAGBASA

DAKILANG KAPISTAHAN NG PASKO NG PAGSILANG NG PANGINOON

(Pagmimisa sa Bisperas, Pagmimisa sa Hatinggabi,
Pagmimisa sa Bukang-Liwayway at Pagmimisa sa Araw)

&

DAKILANG KAPISTAHAN NI MARIA, INA NG DIYOS

(Ikawalong Araw ng Pagdiriwang ng Pasko ng Pagsilang)

DAKILANG KAPISTAHAN NG PASKO NG PAGSILANG NG PANGINOON

PAGMIMISA SA BISPERAS

Ang pari o ang diyakono o sinumang angkop na tagapaglingkod ay makapagbibigay ng maikling paliwag tungkol sa buod ng Misang ipagdiriwang.

**Mga minamahal na kapatid,
tayo ngayon ay natitipon bilang isang sambayanan
na nagpupuri at nagpapasalamat sa Diyos.**

**Ito ang gabi ng kapayapaan at kagalakan.
Halina't ating sambahin si Jesus,
ang ating Emmanuel, ang Diyos-na-sumasaatin
sa pagdiriwang natin ng Eukaristiya ng Pasko.**

PANALANGING PAMBUNGAD

**Ama naming makapangyarihan,
kami'y dinudulutan mo ng kagalakan
sa paghihintay namin taun-taon sa aming kaligtasan.
Ang iyong Bugtong na Anak na naparito upang magligtas
ay amin ngayong tinatanggap nang buong galak.
Sa kanyang pagdating upang maghukom
kami nawa'y huwag masindak sa kanyang ihahatol,
sapagka't siya ang namamagitan
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

UNANG PAGBASA

Isaias 62:1-5
Nalugod sa iyo ang Diyos.

Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias

**Magsasalita ako para lumakas ang loob ng Jerusalem.
Hindi ako tutugon hangga't hindi siya naililigtas,
hangga't ang tagumpay niya
ay hindi nagliliwanag
na tulad ng sulo sa gabi.
Ang lahat ng bansa'y
pawang makikita ang iyong tagumpay,
at mamamalas ng lahat ng hari ang iyong kadakilaan.
Ika'y tatawagi't
bibigyan ng Panginoon ng bagong pangalan.
Ikaw ay magiging magandang korona
sa kamay ng Diyos,
korona ng Panginoong nakalulugod.
Hindi ka na tatawaging "Itinakwil,"
Ni ang lungsod mo'y hindi rin tatawaging
"Asawang Pinabayaan."
Ang itatawag na sa iyo'y "Kinalugdan ng Diyos,"
At ang lupain mo'y tatawaging "Maligayang Asawa,"
pagkat ang Diyos ay nalugod sa iyo,
at sa lupain mo,
siya ay magiging tulad ng asawa.
At ikaw Israel
ay ituturing niyang kasintahan,
ang manlilikha mo'y pakakasal sa iyo,
kung gaano kaligaya ang kasintahang lalaki
sa araw ng kanyang kasal,
gayun magagalak sa iyo ang Diyos.**

Ang Salita ng Diyos.

SALMONG TUGUNAN

Salmo 88:4-5. 16-17. 27. 29

T. Pag-ibig mong walang maliw
ay lagi kong sasambitin.

Sabi mo, Panginoon, ika'y may tipan
na iyong ginawa kay David mong hirang
at ito ang iyong pangakong iniwan:
"Isa sa lahi mo'y laging maghahari,
ang kaharian mo ay mamamalagi."

T. Pag-ibig mong walang maliw
ay lagi kong sasambitin.

Mapalad ang taong sa 'yo'y sumasamba,
sa pagsamba nila'y inaawitan ka
at sa pag-ibig mo'y namumuhay sila.
Sa buong maghapon, ika'y pinupuri,
ang katarungan mo'y siyang sinasabi.

T. Pag-ibig mong walang maliw
ay lagi kong sasambitin.

Ako'y tatawaging ama niya't Diyos,
tagapagsanggalang niya't Manunubos.
Ang aking pangako sa kanya'y iiral
at mananatili sa kanya ang tipan.

T. Pag-ibig mong walang maliw
ay lagi kong sasambitin.

IKALAWANG PAGBASA

Mga Gawa 13:16-17. 22-25
Ang patotoo ni Pablo tungkol kay Kristo na Anak ni David;

Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol

**Noong dumating si Pablo sa Antioquia ng Pisidia,
tumayo siya sa sinagoga at sinenyasan silang tumahimik.**

**"Mga Israelita at mga taong may takot sa Diyos – makinig kayo!
Ang Diyos ng ating bansang Israel
ang humirang sa ating mga ninuno.
Sila'y ginawa niyang isang malaking bansa
samantalang naninirahan sa lupain ng Egipto,
inilabas doon sa pamamagitan ng kanyang dakilang kapangyarihan.
At nang alisin ng Diyos si Saulo,
inihalili si David upang maghari sa kanila.
At ganito ang patotoo ng Diyos tungkol sa kanya.
'Natagpuan ko kay David na anak ni Jesse
ang lalaking nakalulugod sa akin,
isang lalaking handang tumupad sa lahat ng iniuutos ko.'
Mula sa angkan ng lalaking ito
ipinagkaloob ng Diyos sa Israel si Hesus,
ang kanyang ipinangakong Tagapagligtas.
Bago siya dumating,
ipinangaral ni Juan sa buong Israel
na dapat nilang pagsisiha't talikdan
ang kanilang mga kasalanan, at pabinyag.
Nang matapos na ni Juan ang kanyang gawain,
sinabi niya sa mga tao, 'Sino ba ako sa akala ninyo?
Hindi ako ang Kristo.
Ngunit siya'y darating na kasunod ko.
At hindi ako karapat-dapat kahit tagaalis ng panyapak.'"**

Ang Salita ng Diyos.

ALELUYA

T. Aleluya! Aleluya!
Halina't kami'y dalawin.
Kapayapaan mo'y dalhin
upang umiral sa amin.
T. Aleluya! Aleluya!

MABUTING BALITA

Mateo 1:18-25
Ang lahi ni Hesukristo na mula sa angkan ni David.

✠ **Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo**

Ganito ang pagkapanganak kay Hesukristo.
Si Maria na kanyang ina at si Jose na nakatakda nang pakasal.
Ngunit bago sila nakasal, si Maria'y natagpuang nagdadalang-tao.
Ito'y sa pamamagitan ng Espiritu Santo.
Isang taong matuwid itong si Jose na kanyang magiging asawa,
ngunit ayaw niyang mapahiya si Maria,
kaya ipinasiya niyang hiwalayan ito nang lihim.
Samantalang iniisip ni Jose ito,
napakita sa kanya sa isang panaginip
ang isang anghel ng Panginoon.
Sabi nito sa kanya, "Jose, anak ni David,
huwag kang matakot na tuluyang pakasalan si Maria,
sapagkat siya'y naglihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo.
Manganganak siya ng isang lalaki
at ito'y pangangalanan mong Hesus,
sapagkat siya ang magliligtas sa kanyang bayan
sa kanilang mga kasalanan."

Nangyari ang lahat ng ito
upang matupad ang sinabi ng Panginoon
sa pamamagitan ng propeta:

"Maglilihi ang isang dalaga at manganganak ng isang lalaki,
At tatawagin itong "Emmanuel,"
ang kahuluga'y "Kasama natin ang Diyos".

Nang magising si Jose,
sinunod niya ang utos ng anghel ng Panginoon;
pinakasalan niya si Maria.
Ngunit hindi ginalaw ni Jose si Maria
hanggang sa maipanganak nito
ang isang sanggol na lalaki na pinangalanan niyang Hesus.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

PANALANGIN NG BAYAN

Pinasalamatan ni Zacarias ang Diyos
dahil sa pagiging tapat nito sa pangako.
Bunga ng pagtitiwala sa pagiging bukaspalad ng Diyos,
idulog natin ngayon sa kanya ang ating mga pangangailangan:

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Nawa ang Santo Papa Francisco
at mga kasama niyang lingkod sa Simbahan
ay patuloy na magpaalala sa Bayan ng Diyos
ng mga magandang pangako ng kanyang paglingap at pagliligtas.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Nawa ang mga kawani ng pamahalaan
ay tumulad kay Zacarias na umasa sa Panginoon
para sa kanilang mga pangangailangan
sa halip na kumuha sa kaban ng bayan.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Nawa ang mga nakatatanda
ay magbigay inspirasyon
habang isinasalaysay nila sa susunod na henerasyon
ang kanilang mga karanasan ng pagpapala at pagliligtas ng Diyos.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Nawa ang mga kabataan
ay mapuspos ng ibayong sigla at pag-asa
habang hinihintay ng lahat ang muling pagdating ng Manunubos.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Nawa ingatan ng Diyos
ang mga mahal natin sa buhay na namayapa na,
at maibsan nawa ang kalungkutan at pananangis
ng kanilang mga naulila.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Tahimik nating idalangin ang ating mga sariling kahilingin.
(Sandaling katahimikan) Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Panginoong mahabagin at mapagmahal,
tulungan mo kaming maging malakas at matiyaga
sa gitna ng mga kahirapan.
Nawa ay huwag kaming mawalan ng pag-asa
sa katuparan ng iyong mga pangako.
Hinihiling naming ito sa pamamagitan
ni Kristong aming Panginoon.
Amen.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**Ama naming Lumikha,
ang maligayang Paskong ito ay loobin mong maipagdiwang
nang may paghahaing puspos kagalakan
ngayong ang pinagbuhatan ng aming kaligtasan
ay iyong ipinamamalas
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

**Ama naming mapagmahal,
kami'y pakinabangin mo sa pagdiriwang ng Pasko
upang sa pagsilang ng iyong Anak kami ay lubos na magkasalu-salo
sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.**

DAKILANG KAPISTAHAN NG PASKO NG PAGSILANG NG PANGINOON

PAGMIMISA SA HATINGGABI

Ang pari o ang diyakono o sinumang angkop na tagapaglingkod ay makapagbibigay ng maikling paliwag tungkol sa buod ng Misang ipagdiriwang.

**Mga minamahal na kapatid,
tayo ngayon ay natitipon bilang isang sambayanan
na nagpupuri at nagpapasalamat sa Diyos.**

**Ito ang gabi ng kapayapaan at kagalakan!
Halina't ating sambahin si Jesus,
ang ating Emmanuel, ang Diyos-na-sumasaatin
sa pagdiriwang natin ng Eukaristiya ng Pasko.**

**Hilingin natin ang biyaya ng kahinahunan
upang tuluyang manahan ang sanggol na si Hesus sa ating mga puso.**

PANALANGING PAMBUNGAD

**Ama naming makapangyarihan,
pinasikat mo sa gabing ito
ang sinag ng iyong liwanag na totoo.
Pasikatin mo sa amin ang iyong liwanag sa kalangitan
na ngayo'y aming pinatutuloy sa aming pamumuhay
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

UNANG PAGBASA

Isaias 9:1-6
Ibinigay ang isang anak sa atin.

Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias

**Nakatanaw ng isang malaking liwanag
ang bayang malaon nang nasa kadiliman,
namanaag na ang liwanag
sa mga taong namumuhay sa lupaing balot ng dilim.
Iyong pinasigla ang kanilang pagdiriwang,
dinagdagan mo ang kanilang tuwa.
Tulad ng mga tao sa panahon ng anihan,
tulad ng mga taong naghahati ng nasamsam na kayamanan.
Nilupig mo ang bansang umalipin sa iyong bayan
tulad ng pagkalupig sa hukbo ng Madian.
Binali mo ang panghambalos ng mga tagapagpahirap sa kanila.
Sapagkat ang panyapak ng mga mandirigma,
ang lahat ng kasuutang tigmak sa dugo ay susunugin.
Sapagkat ipinanganak para sa atin ang isang sanggol na lalaki.
Ibinigay ang isang anak sa atin
at siya ang mamamahala sa atin.
Siya ang Kahanga-hangang Tagapayo,
ang Makapangyarihang Diyos,
walang hanggang Ama, ang Prinsipe ng Kapayapaan.
Malawak na kapangyarihan at walang hanggang kapayapaan.
ang ipagkakaloob sa trono ni David at sa kanyang paghahari
Upang matatag ito at papanatilihin
sa katarungan at katwiran
ngayon at magpakailanman.
Isasagawa ito ng Makapangyarihang Panginoon.**

Ang Salita ng Diyos.

SALMONG TUGUNAN

Salmo 95:1-2. 2-3. 11-12. 13

T. Sa ati'y sumilang ngayon,
Manunubos, Kristong Poon.

Purihin ang Panginoon, awitan ng bagong awit;
ang Poon ay papurihan nitong lahat sa daigdig!

T. Sa ati'y sumilang ngayon,
Manunubos, Kristong Poon.

Awitan ang Panginoon, ngalan niya ay purihin;
araw-araw ang ginawang pagliligtas ay banggitin.
Kahit saa'y ipahayag na ang Poon ay dakila,
sa madla ay ipahayag ang dakila niyang gawa.

T. Sa ati'y sumilang ngayon,
Manunubos, Kristong Poon.

Lupa't langit ay magsaya, umugong ang kalaliman,
lahat kayo na nilikhang nasa tubig ay magdiwang.
Ang bukirin at ang lahat ng naroon ay sumigaw,
pati mga punongkahoy sa galak ay mag-awitan.

T. Sa ati'y sumilang ngayon,
Manunubos, Kristong Poon.

Ang Poon ay pupurihin, pagkat siya ay daratal,
paririto sa daigdig, upang lahat ay hatulan.
Tapat siya kung humatol at lahat ay pantay-pantay.

T. Sa ati'y sumilang ngayon,
Manunubos, Kristong Poon.

IKALAWANG PAGBASA

Tito 2:11-14
Inihayag ng Diyos ang kanyang kagandahangloob sa lahat ng tao.

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo kay Tito

Pinagkamamahal kong kapatid:
Inihayag ng Diyos ang kanyang kagandahang-loob
na nagdudulot ng kaligtasan sa lahat ng tao.
Ito ang siyang umaakay sa atin
upang talikdan ang likong pamumuhay at damdaming makalaman.
Kaya't makapamumuhay tayo ngayon nang maayos,
matuwid at karapat-dapat sa Diyos
samantalang hinihintay natin ang ating inaasahan
– ang dakilang Araw ng paghahayag
sa ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Hesukristo
sa gitna ng kanyang kaningningan.
Ibinigay niya ang kanyang sarili
upang iligtas tayo sa lahat ng kalikuan
at linisin para maging kanyang bayan
na nakatalagang gumawa ng mabuti.

Ang Salita ng Diyos.

ALELUYA

Lucas 2:10-11

T. Aleluya! Aleluya!
Ito'y Balitang masaya
Manunubos sumilang na
sa ati'y Kristo, Poon s'ya.
T. Aleluya! Aleluya!

MABUTING BALITA

Lucas 2:1-14

Sa inyo'y sumilang ngayon ang Tagapagligtas.

✠ **Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas**

Noong panahong iyon,
iniutos ng Emperador Augusto
na magpatala ang lahat ng nasasakupan ng Imperyo ng Roma.
Ang unang pagpapatalang ito'y ginawa
nang si Cirenio ang gobernador ng Siria.
Kaya't umuwi ang bawat isa sa sariling bayan upang magpatala.

Mula sa Nazaret, Galilea,
si Jose'y pumunta sa Betlehem, Judea,
ang bayang sinilangan ni Haring David,
sapagkat siya'y mula sa angkan at lahi ni David.
Kasama niyang umuwi upang magpatala rin si Maria
na kanyang magiging asawa na noo'y kagampan.
Samantalang naroroon sila,
dumating ang oras ng panganganak ni Maria
at isinilang niya ang kanyang panganay at ito'y lalaki.
Binalot niya ng lampin ang sanggol at inihiga sa isang sabsaban,
sapagkat wala nang lugar para sa kanila sa bahay-panuluyan.

Sa lupain ding yaon ay may mga pastol na nasa parang,
nagpupuyat sa pagbabantay ng kanilang mga tupa.
Biglang lumitaw sa harapan nila
ang isang anghel ng Panginoon at lumaganap sa paligid nila
ang nakasisilaw na kaningningan ng Panginoon.
Natakot sila nang gayun na lamang,
"Huwag kayong matakot!
Ako'y may dalang mabuting balita para sa inyo
na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao.
Sapagkat isinilang ngayon sa bayan ni David
ang inyong Tagapagligtas, ang Kristong Panginoon.
Ito ang palatandaan:
matatagpuan ninyo ang isang sanggol
na nababalot ng lampin at nakahiga sa sabsaban."

Biglang lumitaw sa tabi ng anghel
ang isang malaking hukbo ng kalangitan,
na nagpupuri sa Diyos:
"Papuri sa Diyos sa kaitaasan,
at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya!"

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

PANALANGIN NG BAYAN

Puno ng kagalakan ang ating mga puso
habang ginugunita natin ang Pagsilang
ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si HesuKristo.
Taglay ang mga pusong nagpapasalamat,
manalangin tayo sa Diyos na ating Ama
na nagsugo ng kanyang Anak upang tayo ay iligtas.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Sa pamamagitan ng ating pagpapatotoo
sa Pagkakatawang-tao ng Diyos,
nawa'y maranasan ng lahat ng tao sa mundo ang presensya ni Hesus.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Ang kapayapaan nawa'y maghari sa lahat ng mga bansa.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Ang mga di-Kristiyano nawa'y mahikayat na kilalanin si Hesus,
ang Diyos na Nagkatawang-tao.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Ang mga mag-anak nawa'y mamuhay sa pag-ibig, kagalakan,
kapayapaan, at maayos na pagsasamahan sa Paskong ito.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Ang mga dukha nawa'y makatagpo ng pag-asa at kagalakan sa pagdating ng Manunubos.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Tahimik nating idalangin ang ating mga sariling kahilingin.
(Sandaling katahimikan) Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Ama,
pinupuri ka namin dahil sa pagsusugo mo ng iyong Anak
upang maging aming Tagapagligtas.
Siya nawa ang aming maging liwanag, kagalakan,
at kapayapaan sa buhay na ito hanggang sa walang haggan.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan
ni Kristo na aming Panginoon.
Amen.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

Ama naming Lumikha,
kalugdan mo ang paghahain ngayong Pasko ng Pagsilang.
Sa pagpapalitang ito ng iyong kaloob at aming handog
ang Anak mong umako sa aming kaabahan
ay siya nawang magparangal sa ami't magtampok
bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo
mag-pasawalang hanggan.

PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

Ama naming mapagmahal,
sa pagdiriwang namin ng maligayang Pasko
pagindapatin mong kami'y makasalo
sa pamumuhay ng Anak mong kalugud-lugod sa iyo
bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

DAKILANG KAPISTAHAN NG PASKO NG PAGSILANG NG PANGINOON

PAGMIMISA SA BUKANG-LIWAYWAY

Ang pari o ang diyakono o sinumang angkop na tagapaglingkod ay makapagbibigay ng maikling paliwag tungkol sa buod ng Misang ipagdiriwang.

**Mga minamahal na kapatid,
tayo ngayon ay natitipon bilang isang sambayanan
na nagpupuri at nagpapasalamat sa Diyos.**

**Mapagpalang Pasko sa inyong lahat!
Buong puso tayong magpasalamat sa Diyos
para sa pinakadakilang handog niya sa atin
—ang kanyang bug-tong na Anak.
Nagkatawang-tao ang Diyos upang ang lahat ng nararanasan natin
ay hindi maging iba sa kanya:
ang ating mga kagalakan at sakit, ang mga pag-asa at takot,
ang mga kahinaan at lakas natin.
Maging panahon nawa ng masayang pagtitipon
ang pagdiriwang natin ngayong Pasko.**

PANALANGING PAMBUNGAD

**Ama naming makapangyarihan,
niloob mong ngayo'y sa amin sumikat
ang Salita mong nagkatawang-tao na siyang bagong liwanag.
Ipagkaloob mong ang sumisilay
sa kalooban naming nananalig
ay magliwanag na lubusan
sa ginaganap namin sa pag-ibig
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

UNANG PAGBASA

Isaias 62:11-12
Dumating na ang kaligtasan.

Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias

Sa buong daigdig, ipinasabi ng Panginoon:
"Ibalita sa mga taga-Jerusalem,
na darating ang Panginoon para sila ay iligtas.
Kasama niya ang lahat ng kanyang iniligtas."
Ika'y tatawaging "Bayang Banal ng Diyos,"
'Bayang iniligtas ng Panginoon.'
Ang Jerusalem ay tatawaging
"Lungsod na mahal ng Diyos,"
"Lungsod na Hindi Itinakwil ng Diyos."

Ang Salita ng Diyos.

SALMONG TUGUNAN

Salmo 96:1. 6. 11-12

T. Sumilang ang Panginoon,
liwanag sa atin ngayon.

Ang Poon ay maghahari, magalak ang kalupaan!
Lahat kayong mga pulo ay magsaya at magdiwang!
Sa langit ay nahahayag yaong kanyang katuwiran,
sa lupa ay makikita ang kanyang kadakilaan.

T. Sumilang ang Panginoon,
liwanag sa atin ngayon.

Sa tapat ang pamumuhay ay sisinag ang liwayway,
sa dalisay namang puso maghahari'y kagalakan.
Ang matuwid ang gawain ay galak ang masusumpong,
sa maraming kabutihang ginawa ng Panginoon;
ang ginawa niyang ito'y dapat nating gunitain,
at sa Poon ay iukol ang papuring walang maliw!

T. Sumilang ang Panginoon,
liwanag sa atin ngayon.

IKALAWANG PAGBASA

Tito 3:4-7
Dahil sa habag ng Diyos tayo'y kanyang tinubos.

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo kay Tito

Pinagkamamahal kong kapatid:
Noong mahayag ang kagandahang-loob at pag-ibig ng Diyos
na ating Tagapagligtas, tayo'y iniligtas niya.
Natamo natin ito hindi dahil sa ating mabubuting gawa,
kundi dahil sa kanyang habag sa atin.
Naligtas tayo at ipinanganak na muli sa Espiritu Santo
na siyang luminis at nagbigay ng bagong buhay sa atin.
Sa pamamagitan ng ating Tagapagligtas na si Hesukristo,
ibinubuhos sa atin ng Diyos ang Espiritu Santo
upang tayo'y pabanalin ng kanyang pag-ibig
at kamtan natin ang buhay na ating inaasahan.

Ang Salita ng Diyos.

ALELUYA

Lucas 2:14

T. Aleluya! Aleluya!
Purihin sa kalangitan
D'yos na kataas-taasan,
sa ati'y kapayapaan!
T. Aleluya! Aleluya!

MABUTING BALITA

Lucas 2:15-20
Nakita nga ng mga pastol sina Maria at Jose, at ang sanggol.

✠ **Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas**

Noong makaalis na ang mga anghel,
pabalik sa langit, ang mga pastol ay nag-usap-usap,
"Tayo na sa Betlehem!
Tingnan natin itong ibinalita sa atin ng Panginoon."
At nagmamadali silang lumakad, at nakita nila sina Maria at Jose,
at ang sanggol na nakahiga sa sabsaban.
Kaya't isinaysay nila ang mga sinabi ng anghel
tungkol sa sanggol na ito;
at nagtaka ang lahat ng nakarinig sa sinabi ng mga pastol.
Natanim sa isip ni Maria ang mga bagay na ito
at kanyang pinagbulay-bulay.
Umalis ang mga pastol na nagpupuri sa Diyos
at nagpapahayag ng kanyang kadakilaan
dahil sa lahat ng narinig nila at nakita
na ayon sa ibinalita sa kanila ng anghel.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

PANALANGIN NG BAYAN

Sa Banal na araw na ito,
dumulog tayo sa Ama na walang sawang lumilingap
at tumutulong sa kanyang bayan:

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Para sa Simbahan:
patuloy nawa tayong maging saksi
ng pagkakatawang-tao ng Anak ng Diyos, si Hesus,
upang ma-ramdaman ng buong daig-dig ang kanyang presensya.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Para sa mga pinuno ng bansa:
magkaisa nawa sila sa kanilang magagandang hangarin
tungo sa pagkamit ng kapayapaan.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Para sa mga hindi kumikilala kay Hesus:
masumpungan nawa nila ang liwanag
na hatid ng maningning na bituin
upang makilala nila ang Anak ng Diyos.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Para sa mga mag-anak:
mamuhay nawa sila bilang mga Kristiyanong
mayroong pagmamahal, kagalakan, at kapayapaan.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Para sa mga mahihirap:
masumpungan nawa nila ang pag-asa
at kagalakang hatid ng Tagapagligtas.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Tahimik nating idalangin ang ating mga sariling kahilingin.
(Sandaling katahimikan) Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Ama,
dinggin mo ang aming mga panalangin.
Gawin mong panahon ng pasasalamat at pagbabahaginan
ang pagdiriwang namin ng Pasko ng Pagsilang
ng iyong Anak at aming Panginoon
ngayon at magpasawalang hanggan
Amen.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

Ama naming Lumikha,
nawa'y mabagay sa aming pagdiriwang ang aming mga alay
upang ang pagka-Diyos mo ang idulot nito
sa aming pakikinabang
sapagka't ito ay nasisinagan ng Diyos na naging tao
at namamagitan kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

Ama naming mapagmahal,
ipagkaloob mong sa pagdiriwang namin ng maligayang Pasko
na dakilang kapistahan ng pagsilang ng Anak mo
ang hiwaga ng iyong malasakit na dating nalilihim
ay lalong mahayag at mapanaligan namin
upang ito ay higit naming mahalin
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

DAKILANG KAPISTAHAN NG PASKO NG PAGSILANG NG PANGINOON

PAGMIMISA SA ARAW

Ang pari o ang diyakono o sinumang angkop na tagapaglingkod ay makapagbibigay ng maikling paliwag tungkol sa buod ng Misang ipagdiriwang.

**Mga minamahal na kapatid,
tayo ngayon ay natitipon bilang isang sambayanan
na nagpupuri at nagpapasalamat sa Diyos.**

**Isang pinagpalang Pasko sa inyong lahat!
Sa araw na ito, buong puso tayong nagpapasalamat sa Diyos
para sa pinakadakilang handog niya sa atin
—ang kanyang bugtong na Anak.
Nananahan ang Diyos sa ating piling
upang ang lahat ng nararanasan natin ay hindi maging iba sa kanya:
ang ating mga kagalakan at sakit, ang mga pag-asa at takot,
ang mga kahinaan at lakas natin.
Maging panahon nawa ng masayang pagtitipon
ang pagdiriwang natin ngayong Pasko.**

PANALANGING PAMBUNGAD

**Ama naming makapangyarihan,
sa iyong kagandahang-Ioob kami'y iyong nilikha,
at sa iyong pagtatangkilik kami'y iyong pinadakila.
Sa pagkakatawang-tao ng iyong Anak,
kami'y iyong itinuring na hindi na iba sa iyo.
Makapamuhay nawa kami bilang mga kapatid niya
na totoong maipagkakapuri mo
sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

UNANG PAGBASA

Isaias 52:7-10
Makikita ng sanlibutan ang pagliligtas ng Diyos nating mahal.

Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias

**Magmula sa bundok, O kay gandang masdan
ng sugong dumarating upang ipahayag
ang magandang balita ng kapayapaan.
Ipapahayag niya ang tagumpay
at sasabihin:
"Sion, ang Diyos mo ay hari."
Narito! Sisigaw ang nagbabantay,
dahilan sa galak, sama-sama silang aawit;
makikita nila ang Panginoon sa Sion ay babalik,
Magsiawit kayo, mga guhong muog nitong Jerusalem;
pagkat ang hinirang ng Diyos na Panginoon
ay kanyang inaliw,
tinubos na niya itong Jerusalem.
Sa lahat ng bansa,
ang kamay ng Poon na tanda ng lakas
ay makikita ng mga nilalang, at ang pagliligtas
nitong ating Diyos tiyak na mahahayag.**

Ang Salita ng Diyos.

SALMONG TUGUNAN

Salmo 97:1. 2-3. 3-4. 5-6

T. Kahit saa'y namamalas
tagumpay ng Nagliligtas.

Umawit ng bagong awit at sa Poon ay ialay,
pagkat yaong ginawa n'ya ay kahanga-hangang tunay!
Sa sariling lakas niya at taglay na kabanalan,
walang hirap na natamo yaong hangad na tagumpay.

T. Kahit saa'y namamalas
tagumpay ng Nagliligtas.

Ang tagumpay niyang ito'y siya na rin ang naghayag,
sa harap ng mga bansa'y nahayag ang pagliligtas.
Ang pangako sa Israel lubos niyang tinutupad.

T. Kahit saa'y namamalas
tagumpay ng Nagliligtas.

Tapat siya sa kanila at ang pag-ibig ay wagas.
Ang tagumpay ng ating Diyos kahit saan ay namalas!
Magkaingay na may galak, yaong lahat sa daigdig;
ang Poon ay buong galak na purihin sa pag-awit!

T. Kahit saa'y namamalas
tagumpay ng Nagliligtas.

Sa saliw ng mga lira iparinig yaong tugtog,
at ang Poon ay purihin ng tugtuging maalindog.
Tugtugin din ang trumpeta na kasaliw ang tambulo,
magkaingay sa harapan ng Poon na ating hari.

T. Kahit saa'y namamalas
tagumpay ng Nagliligtas.

IKALAWANG PAGBASA

Hebreo 1:1-6
Nagpakita sa atin ang Diyos sa pamamagitan ng kanyang Anak.

Pagbasa mula sa sulat sa mga Hebreo

**Noong una,
nagsalita ang Diyos sa ating mga ninuno
sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan
sa pamamagitan ng mga propeta.
Ngunit ngayon, siya'y nagsalita sa atin
sa pamamagitan ng kanyang Anak.
Sa pamamagitan ng Anak ay nilikha ng Diyos ang sansinukob
at siya ang itinalaga niyang magmay-ari ng lahat ng bagay.
Ang Anak ang maningning na sinag ng Diyos,
sapagkat kung ano ang Diyos ay gayun din ang Anak.
Siya ang nagiingat sa sansinukob
sa pamamagitan ng kanyang makapangyarihang salita.
Pagkatapos niyang linisin tayo sa ating mga kasalanan,
siya'y lumuklok sa kanan ng Diyos,
ang makapangyarihan sa lahat.**

**At kung paanong higit na di-hamak
ang pangalang ibinigay ng Diyos sa Anak,
gayun din, siya'y higit na di-hamak sa mga anghel.
Sapagkat hindi kailanman sinabi ng Diyos sa sinumang anghel,**

**"Ikaw ang aking Anak! Ako ang iyong Ama."
Ni hindi rin niya sinabi sa kaninuman sa mga anghel,
"Ako'y magiging kanyang Ama, at siya'y magiging Anak ko."
At nang susuguin na ng Diyos ang kanyang bugtong na Anak
sa sanlibutan ay sinabi niya,
"Dapat siyang sambahin ng lahat ng anghel ng Diyos."**

Ang Salita ng Diyos.

ALELUYA

T. Aleluya! Aleluya!
Banal na araw sumikat
halina't sumambang lahat
sa nanaog na liwanag.
T. Aleluya! Aleluya!

MABUTING BALITA

Juan 1:1-5. 9-14
Naging tao ang Salita at siya'y nanirahan sa piling natin.

✠ **Ang simula ng Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan**

Sa pasimula pa'y naroon na ang Salita.
Kasama ng Diyos ang Salita at ang Salita ay Diyos.
Kasama na siya ng Diyos sa pasimula pa.
Sa pamamagitan niya nilikha ang lahat ng bagay,
at walang anumang nalikha nang hindi sa pamamagitan niya.
Mula sa kanya ang buhay,
at ang buhay ay siyang ilaw ng sangkatauhan.
Nagliliwanag sa kadiliman ang ilaw,
at hindi ito kailanman nagapi ng kadiliman.

Ang tunay na ilaw na tumatanglaw sa lahat ng tao
ay dumarating sa sanlibutan.

Nasa sanlibutan ang Salita.
Nilikha ang sanlibutan sa pamamagitan niya
ngunit hindi siya nakilala ng sanlibutan.
Naparito siya sa kanyang bayan
ngunit hindi siya tinanggap ng kanyang mga kababayan.
Ngunit ang lahat ng tumanggap at nanalig sa kanya
ay pinagkalooban niya ng karapatang maging anak ng Diyos.

Sila nga'y naging anak ng Diyos,
hindi dahil sa isinilang sila ayon sa kalikasan,
ni sa pita ng laman o sa kagagawan ng tao.
Ang pagiging anak nila ay buhat sa Diyos.

Naging tao ang Salita at siya'y nanirahan sa piling natin.
Nakita namin ang kanyang kapangyarihan at kadakilaan,
puspos ng pag-ibig at katapatan.
Tinanggap niya mula sa Ama
ang kapangyarihan at kadakilaang ito
bilang bugtong na Anak.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

PANALANGIN NG BAYAN

Sa banal na araw na ito,
idalangin natin sa Ama na mapuspos tayo ng galak at kapayapaan.
Buong tiwala tayong manalangin:

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Ama ng Kapayapaan, sa kapanganakan ng iyong Anak,
pagkalooban mo ang buong Santa Iglesya ng kagalakan
upang maibahagi si Hesus sa lahat ng tao at mga bansa.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Ama, manahan nawa ang Emmanuel
sa piling ng mga namumuno sa pamahalaan.
Gabayan at pagpalain mo
ang kanilang mga pagpapasyang magtataguyod ng pagkakaisa
at pagmamahalan sa aming lipunan.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Ama, marami pa ang hindi nakakikilala
at nananalig sa Banal na Mesiyas.
Umalingawngaw nawa ang Mabuting Balita sa buong daigdig;
salita ng pag-asa at pangakong kaligtasan kay Hesus.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Ama, maging liwanag nawa ang iyong Anak
ng mga taong nananatili sa kadiliman,
mga nabubulag dahil sa inggit, galit,
pagkagumon sa kapangyarihan at kayamanan.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Tahimik nating idalangin ang ating mga sariling kahilingin.
(Sandaling katahimikan) Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Ama,
dinggin mo ang aming mga panalangin.
Gawin mong panahon ng pasasalamat
at pagbabahaginan ang pagdiriwang ng Pasko.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan
ni Kristong aming Panginoon.
Amen.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**Ama naming Lumikha,
ang paghahaing ito ngayong dakilang kapistahan
ng Pasko ng Pagsilang ng iyong Anak
ay iyong kalugdan bilang ganap na pagsamba
at lubusang pakikipagkasundo namin sa iyo
sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.**

PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

**Ama naming mapagmahal,
ipagkaloob mong ang sumilang ngayong Tagapagligtas
na nagdulot sa amin ng muling pagsilang sa iyong angkan
ay siya rin nawang magkaloob ng muling pagkabuhay
kasama mo at ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.**

DAKILANG KAPISTAHAN NI MARIA, INA NG DIYOS

IKAWALONG ARAW NG PAGDIRIWANG NG PASKO NG PAGSILANG

Ang pari o ang diyakono o sinumang angkop na tagapaglingkod ay makapagbibigay ng maikling paliwag tungkol sa buod ng Misang ipagdiriwang.

**Mga minamahal na kapatid,
tayo ngayon ay natitipon bilang isang sambayanan
na nagpupuri at nagpapasalamat sa Diyos.**

**Isang maligaya, mapayapa
at masaganang Bagong Taon sa inyong lahat!
Sinisimulan natin ang taong ito
sa pamamagitan ng pagkilala kay Maria bilang Ina ng Diyos.
Ipagkaloob natin sa kanya
ang lahat ng ating mga pag-asa at pangamba,
ang ating mga tuwa at pighati sa buhay.**

**Ginugunita rin natin ngayon
ang Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan.
Pagpalain nawa ng Tagapagligtas na siyang nagdulot
ng kapayapaan ang buong sangkatauhan
upang ang tunay na kapayapaan ay makamtan ng lahat.**

PANALANGING PAMBUNGAD

**Ama naming makapangyarihan,
pinagpala mo ang sangkatauhan sa iniluwal ng Mahal na Ina.
Ipalasap mo sa amin ang kanyang pagdalangin
sa pamamagitan ng iyong Anak na isinilang niya para sa amin
upang kami'y mabuhay kasama mo at ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

UNANG PAGBASA

Bilang 6:22-27
Sasambitin nila ang ngalan ko sa pagpapanalangin sa mga Israelita.

Pagbasa mula sa aklat ng mga Bilang

**Sinabi ng Panginoon kay Moises,
"Sabihin mo kay Aaron at sa kanyang mga anak
na ito ang sasabihin nila sa pagbebendisyon nila sa mga Israelita:
Pagpalain ka nawa at ingatan ng Panginoon;
nawa'y kahabagan ka niya at subaybayan;
lingapin ka nawa niya at bigyan ng kapayapaan.
Ganito nila babanggitin ang pangalan ko
sa pagbebendisyon sa mga Israelita
at pagpapalain ko ang mga ito."**

Ang Salita ng Diyos.

SALMONG TUGUNAN

Salmo 66:2-3. 5. 6. 8

T. Kami'y iyong kaawaan,
pagpalain, Poong mahal.

O Diyos, pagpalain kami't kahabagan,
kami Panginoo'y iyong kaawaan,
upang sa daigdig mabatid ng lahat
ang iyong kalooban at ang pagliligtas.

T. Kami'y iyong kaawaan,
pagpalain, Poong mahal.

Nawa'y purihin ka ng mga nilikha,
pagka't matuwid kang humatol sa madla;
ikaw ang patnubay ng lahat ng bansa.

T. Kami'y iyong kaawaan,
pagpalain, Poong mahal.

Purihin ka nawa ng lahat ng tao,
purihin ka nila sa lahat ng dako.
Ang lahat sa ami'y iyong pinagpala,
nawa'y igalang ka ng lahat ng bansa.

T. Kami'y iyong kaawaan,
pagpalain, Poong mahal.

IKALAWANG PAGBASA

Galacia 4:4-7
Sinugo ng Diyos ang kanyang Anak na isinilang ng babae.

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Galacia

Mga kapatid:
Noong dumating ang takdang panahon,
sinugo ng Diyos ang kanyang Anak.
Isinilang siya ng babae,
at namuhay sa ilalim ng Kautusan
upang palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan.
Sa gayon, tayo'y mabibilang na mga anak ng Diyos.
Upang ipakilalang kayo'y mga anak ng Diyos,
pinagkalooban niya tayo ng Espiritu ng kanyang Anak
nang tayo'y makatawag sa kanya ng "Ama! Ama ko!"
Kaya't hindi ka na alipin kundi anak.
Sapagkat anak, ikaw ay tagapagmana
ayon sa kalooban ng Diyos.

Ang Salita ng Diyos.

ALELUYA

T. Aleluya! Aleluya!
N'ong dati'y mga propeta
ngayon nama'y Anak niya
ang sugo ng D'yos na Ama.
T. Aleluya! Aleluya!

MABUTING BALITA

Lucas 2:16-21
Naging tao ang Salita at siya'y nanirahan sa piling natin.

✠ **Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas**

Noong panahong iyon:
Nagmamadali ang mga pastol na lumakad
patungong Betlehem at nakita nila sina Maria at Jose,
at ang sanggol na nakahiga sa sabsaban.
Kaya't isinaysay nila ang mga sinabi ng anghel
tungkol sa sanggol na ito;
at nagtaka ang lahat ng nakarinig sa sinabi ng mga pastol.
Natanim sa isip ni Maria ang mga bagay na ito
at kanyang pinagbulay-bulay.
Umalis ang mga pastol na nagpupuri sa Diyos
at nagpapahayag ng kanyang kadakilaan
dahil sa lahat ng narinig nila at nakita
na ayon sa ibinalita sa kanila ng anghel.
Pagdating ng ikawalong araw
ay tinuli ang bata at pinangalanang Hesus
– ang pangalang ibinigay ng anghel bago pa siya ipinaglihi.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

PANALANGIN NG BAYAN

Sa unang araw na ito ng taon,
ang ating mga puso ay puno ng pag-asa
na matutupad ang lahat ng ating mga pangarap
at ang lahat ng tao at mga pamilya ay magtatamo ng tunay
at panghabang panahong kapayapaan.
Pasalamatan natin ang Panginoon
para sa natatanging handog na ito.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Ang Santo Papa, mga obispo at mga pari
nawa'y magsikap na maging mga tagapaghatid ng kapayapaan
sa mga taong nasa ilalim ng kanilang pangangalaga.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Ang mga pinuno ng mga bansa
nawa'y magsikap para sa pang-matagalang kapayapaan
na nakabatay sa pagkilala sa mga karapatan
at karangalan ng lahat ng tao.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Ang mga pamilya sa mundo
nawa'y patuloy na lumago sa paggalang at pag-ibig sa isa't isa.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Ang bawat isa sa atin
nawa'y mapanatili ang Espiritu ng Diyos
na nasa ating mga puso nang sa gayon,
tayo ay maging tagapaghasik ng kapayapaan
sa ating paligid sa lahat ng panahon.
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Tayong lahat, sa buong isang taon,
nawa'y lumapit kay Maria upang sa kanyang pag-akay
ay higit tayong makalapit sa kanyang Anak
Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Tahimik nating idalangin ang ating mga sariling kahilingin.
(Sandaling katahimikan) Manalangin tayo sa Panginoon.

T. Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Panginoon na aming Diyos,
ikaw ang simula at wakas ng lahat ng mabuti at maganda.
Loobin mong ang taong ito ay maging taon ng biyaya,
kapayapaan, at kagalakan para sa aming lahat.
Panatilihin mong nagkakaisa ang aming mga pamilya at pamayanan.
Gawin mong ganap ang nasimulan mo sa amin
sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.
Amen.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

Ama naming Lumikha,
sa iyo nagmumula at nagkakaroon ng kaganapan ang tanan.
Sa dakilang kapistahang ito ni Maria,
na Ina ng Anak mong Diyos na totoo,
maipagdiwang nawa namin ang pasimula ng Bagong Taon
at paratingin mo kami sa kaganapan nito
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

Ama naming mapagmahal,
loobin mong sa pagdiriwang namin
sa dakilang kapistahan
ng Mahal na Ina ng iyong Anak
at ng iyong sambayanan
kaming nagsalu-salo sa piging na banal
ay makapakinabang nawa sa iyong buhay
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

Archdiocesan Liturgical Commission
Manila